*The Normal Lights*
Volume 17, No. 1 (2023)

# Pagbuo ng Lunsarang Aralin at Gawain sa Ugnayang Wika't Lipunan Bilang Interbensiyon sa *Bagong Kadawyan* sa Antas Primarya

**Voltaire M. Villanueva**
villanueva.vm@pnu.edu.ph

**Joel C. Malabanan**

**Rodrigo D. Abenes**
Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila

**Rachel C. Payapaya**
Pamantasang Normal ng Pilipinas-Mindanao

**Julievic D. Palting**
Pamantasang Normal ng Pilipinas-Hilagang Luzon

***Abstrak:*** Layunin ng pananaliksik ang makabuo ng mga lunsarang aralin at gawaing angkla sa MELCs o *Most Essential Learning Competencies* sa primaryang antas. Pangunahing metodo ang disenyong palarawan at pagbuo ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong may temang katutubo, kabuhayan, kalinangan, kapaligiran, at diskursong kasarian na angkop sa pagtuturo sa anyong modyular, harapan, o *blended*. Ginamit ang sarbey at panayam sa mga piling kalahok. Lumabas sa pag-aaral na epektibo ang mga aralin kapag nakadikit sa karanasan, kaligiran, at interes ng mga mag-aaral. Ang mga kontekstuwalisadong aralin na pinagtibay sa konteksto ng pandemya at *bagong kadawyan* o *new normal* ay mainam na gamiting sandigang kaalaman sa kasanayan at

Villanueva, V.M., Malabanan, J.C., Abenes, R.D., Payapaya, R.C., & Palting, J.D. (2023). Pagbuo ng lunsarang aralin at gawain sa ugnayang wika't lipunan bilang interbensiyon sa bagong kadawyan sa antas primarya. *The Normal Lights*, *17*(1), 189–218.
Corresponding Author: villanueva.vm@pnu.edu.ph

kahusayang komunikatibo sa Filipino at iba pang kaugnay na disiplina.

***Susing Salita:*** bagong kadawyan, Filipino, kurikulum, lunsarang aralin, pandemya

***Abstract*** The purpose of this research is to create a comprehensive springboard or reading text and activities connected to MELCs or the Most Essential Learning Competencies of the primary level. Developing localized and contextualized themes about indigenous, livelihood, culture, environment, and gender discourse that are suitable for teaching, whether modular, face-to-face, or blended learning is the primary method of the research. The survey was used to select participants. Studies have shown that lessons are effective when aligned with the student's experience, background, and interests. The contextualized studies adopted during the pandemic and new normal are advantageous for learning skills and communicative competence in Filipino and other related disciplines.

## Introduksiyon

Sa hamon ng pagtuturo sa panahon ng bagong kadawyan o *new normal*, ang paglikha ng angkop na nilalaman at gawain bilang interbensiyon ay lubos na kailangan. Mahalagang angkop ang nilalaman at pagsasanay sa mga kalakarang umiiral sa bagong kadawyan o *new normal* na tumutugon sa SDG 2030, Ambisyon Natin 2040, at global na pamantayan. Marapat na tugunan sa pamamagitan ng paglikha ng mga kagamitang panturo.

Bilang guro, maituturing na manggagawa at alagad ng sining at agham (Belvez, 2000). Kaugnay nito, pananagutan ng guro na maging epektibo (Bernales at Villafuerte, 2008). Magkatuwang ang pagtuturo-pagkatuto sa pagpapabisa, pagpapalakas, at pagsasakabuluhan ng prosesong pedagohikal (Villanueva, 2018). Palagi nang kakabit ng metodolohiyang

pagtuturo-pagkatuto-paksa ang mga konseptong dulog, pamaraan/metodolohiya, teknik, at estratehiya bilang iisa dahil sa hindi nagkakalayong ugnayan ng mga nasabing konsepto (Badayos, 2008). Sa panahon ng pandemya, ang guro ay marapat sumabay sa hamon ng pagbabago para malinang ang kaalaman, kasanayan, at kakayahan ng mga mag-aaral na mahilig sa *gadgets* at may ibang karanasan (Evangelista, 2022). Mula sa mga magkakaugnay na kaisipan, marapat na magtagpo ang konsepto sa batayang kaalaman na magsisilbing lunsaran sa ugnayang pedagohikal.

Mula sa mga interbensiyong lunsarang aralin, lagi at laging masasabik ang mga guro't mag-aaral na hanapin ang konteksto ng mga aralin na kadikit ng kanilang karanasan at bayang sinilangan. Makatutulong ang pag-aaral sa kongkretisasyon ng indihinisasyon, lokalisasyon, at kontekstuwalisasyon bilang lente't teorya ng masaya, mabunga't makabuluhang pagtuturo tungo sa lohikal, siyentipiko't makabayang pagkatuto. Mula sa ugnayang nilalaman-gawain, mabibigyang-konsiderasyon ang integratibong teorya na nagbibigay-espasyo sa pagpapahalagang lokal sa espasyong nasyonal o pook global.

Sa pamamagitan ng pag-aaral, pangkalatahang layunin nitong makabuo ng mga materyal panturo. Ang sumusunod ang tiyak na layunin:

1. masuri at maidisenyo ang nilalaman-gawain bilang interbensiyon sa pagkatuto;
2. maiugnay sa pagbuo ang batayang lunsarang aralin at kasanayang komunikatibo sa:
    a. kabuhayan
    b. kalikasan
    c. katutubo
    d. kalinangan
    e. kasarian
3. mataya ang ugnayang nilalaman at kasanayan

mula sa lunsarang aralin batay sa interes, partisipasyon, awtentikong bunga ng pagkatuto.

## Metodolohiya

Deskriptibong-debelopmental ang pag-aaral gamit ang paradima ng aksiyong pananaliksik. Bahagi at katangian ng aksiyong pananaliksik ang pagpaplano, pagbuo, pagmamasid, at pagtalakay kaugnay sa paglikha ng lunsarang aralin at gawain sa panahon ng pandemya at *new normal*. Pinagplanuhan ang mga talatanungan sa sarbey at panayam bilang instrumento na napagtibay ng yugto ng pagtataya ang pangangailangang bumuo ng mga aralin at gawain bilang interbensiyon na magtatampok sa ugnayang wika, kultura, at lipunan sa konteksto ng pandemya. Nagkaroon ng pagpili ng 10-15 kalahok mula sa mga kampus ng kalahok na pamantasan para sa mga itinataguyod na adbokasiya. Mula sa mga halimbawang nabuong lunsarang aralin at gawain na pinagtibay ng sarbey at panayam, nalikom ang mga datos na batayan kung paano nakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Hamon, Kalakaran, at Tugon sa Pagtuturo sa Panahon ng *New Normal*

Ang mga pamantayan o batayang pangnilalaman at pangkasanayan bilang tugon sa katanungang ano at paano ituturo ang isang asignatura ay masasagot ng Gabay Pangkurikulum. Naging bunga nito ang pagbuo ng MELCs na hinalaw rin sa Gabay Pangkurikulum. Naging daan sa pagpili at pagpipino sa anyo ng pagpapaunti ng mga dapat ituro at makita sa kagamitang pampagtuturo partikular sa panahon ng pandemya at *bagong kadawyan*. Kung kaya, ang kompetensi sa Filipino ay nagbibigay ng mga makro at maykrong kasanayan sa komunikasyon. Ang mga kasanayan ay inaasahang magtatawid sa paglinang ng mga kaugnay

pang kasanayan sa Filipino bilang interdisiplinaryo. Kadikit ng mga kasanayang nakapaloob sa kompetensi sa MELCs ang pagbibigay-pansin sa mayamang kultura ng bayan, rehiyon, bansa, at daigdig. Sa konteksto batay sa Gabay Pangkurikulum na pinagbatayan din ng pagpapayaman ng MELCs sa antas elementarya, kinakailangang nagagamit ang wikang Filipino upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman sa araling pangnilalaman, magamit ang angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan nang may lubos na paggalang sa kultura (Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2016). Kung kaya't ang pagtatagpo ng modelong pamana at pangkasanayan ang magbibigay ng kabuluhan para maging sentro ng batayang konseptuwal sa paglikha ng iba't ibang lunsarang aralin na tatalakay sa ugnayang wika at lipunan.

Kaugnay ng reporma ukol sa MELCs ang ilang mga pag-aaral sa kalakaran ng pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya. Sa pag-aaral ni Guvenc (2022), malaking pagbabago sa kalakaran ng pagtuturo sa wika at panitikan dulot ng pandemya. Sa kabila ng pagbabago ng modalidad na *online*, nakita pa rin ang pagnanais ng kapwa guro at mag-aaral na maging malikhain, puno ng partisipasyon at motibasyon ang mga gawain, at paglikha ng iba't ibang makabuluhang pagkatuto. Sa ganitong konteksto, nagbago rin ang proseso ng pagtuturo at pagtataya. Kaugnay nito, lente at perspektiba sa pagtuturo ng literatura at wika ang ipinanukala ni Abarquez (2021) kaugnay ng tatlong mahahalagang tema: layunin sa programa, dulog sa pagkatuto, at bagong paraang pedagohikal. Sa ganitong lente at perspektiba, magagabayan ang guro sa mga tuon at direksyon sa hamon ng pagtuturo.


Ang kakanyahan ng wika at kultura maging ng lipunan ay nakadepende o nakaugnay sa isa't isa. Ang ugnayang wika at kultura sa lipunan sa pananaw pangmundo ang magiging komprehensibong sandigan sa paliwanag sa tiyak na katangian ng pagkakakilanlan ng isang grupong

etnolinggwistiko. Ang wika ay inimbento at nilinang ng tao upang maging paraan ng paglipat ng tao ng mga kaalaman (Constantino, 2002). Samakatuwid, nagsisilbing instrumento ang wika kasama ang kultura sa daluyan ng namamayaning ugnayan sa bawat isa sa lipunang ginagalawan.

Ang pagtatamo ng mga batayang kasanayan mula sa isang tiyak na lunsarang aralin ay mabibigyang-katuparan sa pamamagitan ng disenyo o pamamaraan kung paano ito mapagtatagumpayan. Ang pagtatagpo ng nakasanayang 4A: *activity, abstraction, analysis,* at *application* sa 4K:kahulugan, katangian, kahalagahan, at kaugnayan ang magbibigay-kahalagahan upang ang mga lunsarang araling nabuo na nagpapakita ng iba't ibang tema ay matiyak na magdudulot ng mabungang kaalaman at karanasan sa mga mag-aaral.

**Pigura 1**

*Konsepto at Konteksto ng Lunsarang Aralin at Gawain Mula sa Pagpaplano, Pagbuo, Pagmamasid, at Pagtalakay*



Batay sa obserbasyon, kung hindi kulang ay hindi angkop ang mga lunsarang aralin. Kaya't interbensiyon ang paglikha ng mga angkop na lunsaran at kaugnay na makabago at inobatibong gawaing kadikit ng karanasan bilang konteksto sa pagkatuto. Sa ganitong gawain makikita ang pagkatuto mula sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga pagsasanay tungo sa pagpapalakas ng kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kasaysayan. Bilang interbensiyon, produkto ng proseso sa paglikha ng komprehensibo at epektibong lunsarang aralin ang temang pagbabatayan ng mga gawain at pagsasanay.

## Resulta at Diskusyon ng mga Datos

### Pagsusuri Para sa Angkop na Disenyo ng Nilalaman at Gawain

Mula sa mga umiiral na kalakaran, maraming kasanayan ang hindi lubusang naimapa. Sa ganitong resulta mula sa sarbey at panayam, hindi tuwiran ang magiging esensiyal na batayan sa dulog pedagohikal mula sa ugnayang layunin, paksa, at gawain na sentral na batayan sa makabuluhang pagtuturo para matamo ang pagkatuto. Para sa interbensiyong nilalaman at paraan sa iba't ibang lunsarang aralin, layuning ilatag, pag-ugnayin, at piliin ang mga angkop na kasanayan sa mga lunsarang aralin para malinang ang mga kasanayan sa mga gawain.

Sa kasalukuyang kalagayan ng sistemang edukasyong pambansa kasabay ng pagluluwal ng *Most Essential Learning Competencies* nanatiling integral na bahagi ang mga kompetensing dapat matamo. Samakatuwid, ang paghubog ng mga kasanayan sa kurikulum ng Filipino ay makatutulong upang maging kontekstwalisado ang pagkatuto. Sa ganitong pananaw,

ito ang dapat maging disenyo ng batayang nilalaman at gawain sa mga nabuong lunsarang aralin.

**Talahanayan 1**

*Kasanayan sa MELCs sa Bawat Antas*

| Antas/Baitang | Kasanayan sa MELCs |
|---|---|
| Baitang 1 | • Nasasagot ang mga tanong sa tekstong pang-impormasyon.<br>• Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon.<br>• Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra.<br>• Nabibigkas nang wasto ang tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino. |
| Baitang 2 | • Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag- unawa.<br>• Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita at bagong salita mula sa salitang-ugat.<br>• Naibibigay ang susunod na mangyayari.<br>• Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap. |
| Baitang 3 | • Nababasa ang mga salitang may tatlong pantig pataas, klaster, salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas at salitang hiram.<br>• Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutunan sa aralin.<br>• Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento.<br>• Nakapagbibigay ng wakas mula sa binasang kuwento |

Sa talahanayan 1, ipinakita ang mga kasanayang esensiyal batay sa pinagyamang kurikulum tugon at kaalinsabay ng umiiral na pandemya. Naging malinaw ang

distribusyon ng mga kasanayan sa kasanayan sa pagtanggap gaya ng pagbasa, pakikinig, at panonood patungo sa paglikha gaya ng pagsasalita at pagsusulat. Ang mga ito ang pangunahing konsiderasyon sa interbensiyong nilikha sa pagitan ng lunsarang aralin at makabago at inobatibong gawain na nakapaloob sa (*Pag-unawa sa Napakinggan, Wikang Binibigkas, Gramatika, Kamalayang Ponolohiya, Pag-unlad ng Talasalitaan, Palabigkasan at Pagkilala sa Salita, Kaalaman sa Aklat at Limbag, Pag-unawa sa Binasa, Pagsulat at Pagbabaybay, Komposisyon, Estratehiya sa Pag-aaral, Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan*) Batayang Pangkurikulum 2016. Mula sa direktang pahayag ng kinapanayam:

> "Sa pagpaplano at pagbuo, gabay lamang ang CG at MELCs pero dapat *updated* o napapanahon ang babasahing teksto. (Kalahok 5NL)"

Bagaman hindi idinisenyo sa MELCs ang kategorisasyon ng mga makrong kasanayan, litaw pa rin mula sa isinagawang interbensiyon ang mga kasanayan dapat matamo ng mag-aaral. Nasa makapangyarihang guro pa rin bilang tagalikha ang tugon sa epektibong pagtuturo (Belvez, 2000). Mahalagang maunawaan ng guro ang halaga ng sining at agham ng pagtuturo sa tulong ng konsepto at konteksto ng pedagohiya, (Kapur, 2020). Malaki ang hamon sa guro sa kaniyang pagpaplano na palakasin ang pagtatampok sa bayan para mahubog ang kasanayang nakadikit sa diwang makabayan o nasyonalismo (San Juan, 2017). Samakatuwid, laging konsiderasyon sa anomang plano, proyekto't gawain, at iba't ibang interbensiyon ang pagsusuri sa kasanayang dapat matamo.

**Talahanayan 2**

*Kaalaman at Kasanayan mula sa MELCs*

| Baitang | Kaalaman | Kasanayan |
|---|---|---|
| 1 | • Pilipino ay binubuo ng mga pangkat - etniko<br>• Mga Salitang magkatugma o magkatunog | • Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, pangyayari, at lugar (F1WG-IIIc-d-4)<br>• Natutukoy ang mga salitang magkatugma (F1KP -IIIc - 8) |
| 2 | • Paggamit ng kasingkahulugan, kasalungat, pagbibigay ng halimbawa, o pagbibigay ng kahulugan batay sa pagkagamit sa isang sitwasyon<br>• Sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa | • Naiuugnay sa sariling karanasan ang nabasang teksto. (F2PN-IIb-2)<br>• Nakapagbibigay ng kahulugan ng isang salita sa isang sitwasyon. (F2WG-IIg-h-5)<br>• Maibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa. (F2PB-IVi-11) |
| Salik. 3 | • Salitang-kilos<br>• Diptonggo: mga salitang may patinig at malapatinig | • Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (F3PB-IIa-1)<br>• Nakabubuo ng mga salitang may diptonggo mula sa tekstong binasa (F3KP -IVi -11) |

Sa talahanayan 2, malinaw ang ugnayang kaalaman at kasanayan na litaw sa itinakda ng Batayang Kurikulum at MELCs. Bago makabuo ng mga angkop na gawain, marapat na mabatid ang esensiyal na ugnayan ng nilalaman at kasanayan. Ito ang batayan ng disenyong kontekstuwalisado para palutangin ang tema ng mga lunsarang aralin na nakadikit sa danas, kapaligiran, gulang, interes, at iba pang


salik. Sa talahanayan kaugnay ng pagtatamo ng kaalamang panggramatika, mainam na hindi lamang nagtatapos sa kaalaman ng pagbasa ng alpabeto at pagbuo ng mga salita mula sa bawat titik nito natatapos ang kanilang pagkatuto, kailangang maipaunawa sa mag-aaral ang kahalagahan ng asignatura sa konsepto ng kanilang identidad at kultura. Mula sa pahayag ng kalahok na guro sa Hilagang Luzon:

> "Ang kalinangang Ilokano ay nagpapakita ng ugnayang kapaligiran, katutubo, at kultura na dapat madama at maranasan ng mga mag-aaral lalo sa mga iba't ibang teksto." (Kalahok 3M)

Malinaw para kina Badayos (2008) at Villanueva (2018) na marapat na magkaugnay ang kaalaman at kasanayan bilang esensiyal na batayan ng pagpaplano, pagbuo, at pagpapatupad ng mga simulain at prinsipyong pedagohikal. Samakatuwid, masinop na pinili ang mga kasanayang dapat linangin batay sa kahingian at pangangailangan ng konteksto.

**Pigura 2**

*Kasanayan sa Konteksto ng Karanasan, Panahon, at Pangyayaring Panlipunan*




Ipinakita sa *pigura 2* ang bisa ng karanasan, panahon, at pangyayaring panlipunan ay ugat ng aktibong pakikilahok.

Para sa nakapanayam:

> "Ang pandemya ay danas na kuhaan mga aralin at gawain para matiyak ang pagkatuto." (Kalahok4V)

**Talahanayan 3**


*Lunsarang Aralin sa mga Paksa sa Wika at Panitikan*

| Baitang | Paksa sa Wika at Panitikan | Lunsarang Aralin |
|---|---|---|
| 1 | Tula | "Batang Manobo, Batang Matalino" |
| | | *"Dinengdeng"* |
| | | *"Muyang"* |
| 2 | Balita | "Balitang Baha" |
| | Maikling Kuwento | *"Sa Kumang"* |
| | | *"Balag"* |
| 3 | Pandiwa | "*Tuob* ni Mama Sol" |
| | Diptonggo | "Ang Banbanting ni Apong" |
| | Panghalip na Pananong | "Hindi Maaaring Kainin ang Malagkit araw-araw" |
| | Tula | "Pantay Lamang" |
| | Maikling Kuwento | "Ang Nanay ko ay Tatay" |
| | Musikang Bayan | "Igalang ang Bawat Kasarian" |

Ang lunsarang aralin na inihanda sa Talahanayan 3 ay naglalaman ng mga pagsasanay. Litaw mula sa mga lunsarang aralin ang kahalagahan ng kalinangang bayan mula sa ugnayang panlipunan at kasanayang matatamo sa aralin. Binigyang-puwang sa mga layuning nakatala sa pag-iisa-isa sa bawat katangiang kinapapalooban ng kasanayang komunikatibo. Sa ganitong datos, inilalahad na dapat maging lantad ang wika na magtutulay sa karanasan kabilang ang kultura at kalinangan ng bawat mag-aaral upang lubos na matamo ang mabilis at epektibong pagkatuto.

**Pigura 3**


*Kasanayang Komunikatibo sa Lunsarang Aralin*




Malinaw ang implikasyong nalilinang ang mga kasanayan kung kontekstuwalisado ang aralin bilang salik sa matagumpay na haplos-pedagohikal. Patunay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsunod-sunod sa pangyayari, pagkukuwento, paglalarawan, pagpapahayag ng sariling ideya at damdamin, at iba pang kasanayang komunikatibo sa inaasahan nitong bunga (Persaud, 2021). Ang mga aspektong dapat maisaalang-alang upang tuluyang matamo ang kasanayang komunikatibo ay dapat na makita sa mga pagsasanay upang mataya kung gaano kalawak ang mga kaalaman at kasanayang natamo ng mag-aaral.

**Pigura 4**

*Nilalaman, Ideya, Daloy, at Paraan ng Lunsarang Aralin sa Paglinang ng Kasanayang Komunikatibo*



Marapat ang disenyo sa pagbuo ay nagtutugma ang nilalaman at paraan. Pinagtitibay nito ang kalidad ng bawat lunsarang aralin na magtutuloy sa pagtatamo ng inaasahang produkto sa kasanayang komunikatibo. Mula sa pahayag sa naging panayam ng isang kalahok:

> "Walang imposible sa kagamitang nagtatampok sa identidad ng mag-aaral at ng kaniyang lugar." (Kalahok 2NL)

Malinaw ang implikasyong nagiging posible ang pagkatuto kung ang disenyo at paraan ng pagpapatupad ng iba't ibang gawaing nakaugat sa mga lunsarang aralin ay nagpapatingkad sa konteksto.

## Pagdisenyo at Pagbuo ng mga Aralin at Gawain Patungong Kasanayang Komunikatibo

Sa pagdidisenyo at pagbuo ng lunsarang aralin, konsiderasyon ang kasanayang komunikatibo na marapat linangin na nakabatay sa iba't ibang konteksto gaya ng kapaligiran, kalinangan, kasarian, katutubo, at kabuhayan na tuwirang may epekto sa karanasan ng mag-aaral at komunidad na kinabibilangan. Tumutukoy ang kasanayang komunikatibo sa makatotohanang paggamit ng mga makrong kasanayan sa komunikasyon sa araw-araw. Para kay Hirschman at Wood (2019), malaki ang gampanin kung paanong ang kaalaman ay magiging kasanayan ng mag-aaral kaugnay ng kakayahang komunikatibo na pangunahing salik sa ika-21 siglong edukasyon. Samakatuwid, bunga ng ugnayang nilalaman at pagsasanay ang kasanayang komunikatibo na dapat matamo at matutuhan sa iba't ibang uri ng lunsarang aralin.

**Talahanayan 4**

*Kasanayang Komunikatibo Batay sa Tiyak na Lunsarang Aralin*

| Baitang | Halimbawang Kasanayang Komunikatibo | Tiyak na Halimbawa sa Aralin |
|---|---|---|
| 1 | paggamit ng magkatugmang salita | pagpares at paggamit ng mga salitang magkatugma |
| 2 | paggamit ng salitang magkasingkahulugan, magkasalungat, at iba pang konteksto | pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang umiiral sa pamayanan |
| 3 | pagbuo ng tiyak na salita mula sa natutuhan sa aralin | pagbuo at pagpapakahulugan sa nalikhang salita |

Sa talahanayan 4, naging sentro ang paglalapat mula sa halimbawa ng kahusayang komunikatibo sa pamamagitan ng paggamit ng mga natutuhan sa natamong kaalamang pangwika. Ito ang malinaw na salik sa pagmamapa, pagtatapat-tapat, at pag-uugnay ng mga nilalaman at gawaing magbibigay-daan sa paglinang sa kasanayan sa komunikasyon na magtatawid sa iba pang ika-21 siglong kasanayan sa *online*, harapan, o pinaghalo o *blended* na paraan (Oyeleke, 2018). Ang mga kasanayan ay marapat na angkop sa panahon at henerasyon ng mga mag-aaral upang lubos itong maging mahalaga (Dimock, 2019). Esensiyal sa ugnayang kasanayang komunikatibo ang kaalaman sa wika na magbibigay-kasanayan sa talastasang kadikit ng iba pang mga tema. Samakatuwid, madaling tukuyin kung paano maiisa-isa ang mga kasanayan subalit mapanghamon kung paano ito masisigurong matatamo at matututuhan. Sa ganitong konteksto, marapat na maging makabago at inobatibo ang isang estratehiya o anomang pagsasanay upang bigyang-katuturan at kabuluhan ang isang lunsarang aralin. May implikasyon sa pagdidisenyo at pagbuo ng mga daloy ng gawaing kadalasan ay nakapadron sa abstraksiyon, pagsusuri, at paglalapat. Mula sa 4As ay malinaw ang layuning matamo ang kasanayang komunikatibo bilang

paglampas sa kombensyonal at tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Sa pahayag ng kalahok:

> "Praktikal sa pagkatuto na magamit ang nilalaman sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang batayan na esensiyal ang aralin at gawain sapagkat nailalapat ang mga natutuhan sa iba't ibang sitwasyon." (Kalahok 1M)

May pagpapakahulugan at pagsasakatuturan ang hamon ng paglinang ng mag-aaral ng mga kasanayang kadikit ng komunikasyon bilang paglalarawan sa kakayahang komunikatibo. Esensiyal sa pagdidisenyo at pagbuo ang pagtukoy sa mga kaalaman at kasanayang dapat magkaugnay na karaniwang nagmula sa dokumento ng Kagawaran ng Edukasyon na marapat pagyamanin ng gurong tagapagpatupad sa pagpili ng angkop na nilalaman at gawaing pampagkatuto.

**Talahanayan 5**

*Kasanayan sa Pagsulat at Pagsasalita Batay sa Tiyak na Lunsarang Aralin*

| Baitang | Makrong Kasanayan | Paraan sa Pagtatamo ng Makrong Kasanayan |
|---|---|---|
| 1. | **Pagsulat**<br>paglikha ng mga salitang magkatugma<br>**Pagsasalita**<br>pagpapaganda ng pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng sasabihing angkop na salitang may tugma | Pagbibigay ng mga salitang kadikit ng pang-araw-araw na danas mula sa pagkain (Dinengdeng) at iba pang kaugnay na mga katutubong kulay. |
| 2. | **Pagsulat**<br>paglikha ng pangungusap na nagpapahayag ng kaugnay at suportang kaisipan | Pagtatampok sa lokalisadong babasahin ukol sa "Balag" upang iugnay ang pangunahin at suportang kaisipan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagsasalita**<br>pagpapahayag ng sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng teksto | |
| 3. | **Pagsulat**<br>pagbuo ng talatang naglalahad ng sariling karanasan<br>**Pagsasalita**<br>pagpapahayag ng pangyayari kaugnay ng tiyak na sitwasyon/ karanasan | Pagpapabasa/pagpaparinig ng awit ng diskursong pangkasarian tungo sa pagbuo ng paghihinuha. |

Ipinakita ng talahanayan 5 ang ugnayan ng makrong kasanayan. Kailangang bigyang-pansin ang ugnayang pagsulat at pagsasalita na pangunahing laman at katangian ng interbensiyon sa mga lunsarang aralin at makabago at inobatibong gawain. Malaki ang gampanin ng mga lokalisado at kontekstuwalisadong lunsarang aralin na tumatalakay sa kaligiran ng bawat mag-aaral kadikit ng kabuhayan, kalinangan, katutubo, kalikasan, at diskursong pangkasarian. Ang kasanayang komunikatibo ay nagiging mabunga at produktibo kung kaugnay ito ng iba't ibang esensiyal at makabuluhang kasanayan na hinalaw sa kurikulum at pinagtibay ng mga malikhain, masining, at makatuturang gawaing pampagkatuto.

Ang holistikong pagkatuto ng mag-aaral ay maisasakatuparan kung isinasagawa ang integrasyon ng mga tiyak na pagpapahalaga. Ang kasanayang komunikatibo na tumutukoy sa kahusayan sa paggamit ng wika sa talastasan ay may katangiang gamitin sa tama, moralistiko, at makatuwirang pamamaraan. Sa ganitong aspekto, malaki ang gampanin ng pagpaplano at pagbuo ng mga lunsarang aralin na laging batayan ang magiging sangkap na pagpapahalaga. Sa pahayag sa panayam ng isang kalahok:

"Malaking gampanin ang adbokasiya ng PNU

> bilang kuhaan ng lasa at timpla ng tema ng mga nilalaman at gawaing pampagkatuto." (Kalahok 4MM)

Ang bawat tema na kaakibat ng gawain, programa, at pagkakakilanlan ay magkakaugnay na sentro ng itinatuyod ng kalahok na pamantasan bilang sentro sa edukasyong pangguro. Sa ganitong paraan, lalong pinatingkad ang itinataguyod na 5K ng kalahok na pamantasan sapagkat idinikit ito sa panahon. Ang panahon ang malinaw na indikasyon ng kontekstuwalisasyon na pinabisa pa ng sangkap at lasang indihinisasyon at lokalisasyon. Sa ganitong estilo ng paglikha ng lunsarang aralin, malinaw na nagiging konsiderasyon ang pandaigdigang pananaw ng mga mag-aaral upang asahang madali at magaan nilang maiuugnay ang bawat esensiyal na kaalaman sa pang-araw-araw na buhay. Malinaw ang matingkad na tema kung direktang nakaugnay at makikita sa wika na tumatagos sa aspektong panlipunan. Sa paliwanag ni Salazar (1979), impukan, hanguan, at kuhanan ang wika ng kultura upang mabigyang-linaw at pakahulugan ang kalinangang bayan. Sa ilang mga halimbawang aralin, kitang-kitang ang ugnayang wika, kultura, at lipunan. Mapapansin ang ilang piling halimbawa:

> Sa tulang *"Dinengdeng"* para sa Baitang 1, malinaw mula sa pamagat na ang akda ay mula sa Kailokuhan kung saan naroon ang PNU-NL. Sa tula, ginamit ang mga salitang *Balay* at *katuray* para maisama sa saknong na magpapakita ng mga salitang magkakatunog na pinagtugma ang gulay at balay maging ang malunggay at katuray. Sa tulang ito, ang mga salitang sininop na pinili upang magpares ang tunog na magkatugma ay pagpapamalas ng buhay, kabuhayan, at lipunan ng mga Ilokano na kilala sa pagiging mahilig sa gulay. Kapansin-pansin sa huling bahagi sa paggamit ng salitang Inang para sa nanay ng

mga Ilokano pero mas naging makabuluhan ito sa pag-uugnay ng lutong ulam na Dinengdeng na kapara sa pagbuo ng salita na upang maging masining at malikhain ay marapat na dumaan sa pagpili at pagpino ng mga salitang magkatunog at may tugma.

Sarap ng *Dinengdeng* na sinandok

Inihain ni Inang sa mangkok

Tulad ng mga tugmang salitang binalot

Linaw at ligaya ang mapupulot.

Lalong napalutang ang kulturang Ilokano mula sa akda sa Baitang 2 ukol sa *Kumang* na sinamahan ng iba pang mga salita gaya ng *singkaw, arado, eras, pupugan, ammuyo, tandam,* at iba pa. Sa akda, naging madaling maunawaan ang mga salitang katutubo o Ilokano sapagkat tinumbasan ang mga salita nang kagyat na palarawang paliwanag gaya ng sumusunod na halimbawa:

Sa mga akda mula Mindanao, malinaw sa mga salita ang ugnayang wika, kultura, at lipunan na mahalagang maituro ng guro at matutuhan ng mga mag-aaral upang mapalakas ang kakayahang maiugnay ang kaakuhan, kalinangan, kamalayan, at kasaysayan ng lipunang Pilipino (Villanueva, 2016). Naging tuon sa Baitang 1 ang tula ukol sa buhay, kultura, at lipunang Manobo. Batay sa tula, ipinakikita na ang mga Manobo ay Pilipino at dapat ipagmalaki. Isinama sa tula ang kaligiran at ang kaakuhan bilang pagkakakilanlan ng mga Manobo bilang Pilipino.

Tama ang basa mo

Batang Manobo ako

Sa Mindanao nakatira

Kasama ang pamilya

Sa lunsarang akda para sa Baitang 2, sentro ang balita sa naranasang baha o kalamidad. Pero, mas ipinakita sa akda ang lipunang nagbabayanihan, nagdadamayan, at nagtutulungan sa kabila ng mapinsalang dulot ng kalikasan. Ang mga tiyak na salita na kadikit ng lipunang Pilipino ay masasalamin sa halimbawang akda:

> Ayon kay Kapitan Edwin, lider ng samahan, bawat miyembro ay may tiyak na tungkulin sa panahon ng lamay: may tagaluto, tagahugas, taga-igib, tagadasal, tagasilbi ng pagkain. Sa puntod naman, grupo ni Hernan ang gagawa.

Naging litaw ang ugnayang wika, kultura, lipunan sa panahon ng pandemya sa akda sa Baitang 3 na pinamagatang "*Tuob* ni Mama Sol". Sumentro ang maikling kuwento sa pag-uugnay sa panahong nararanasan sa pandemya. Ang *tuob* ay katumbas ng suob upang pasingawin ang katawan na pinaniniwalaang gamot at paraan upang matanggal ang *kagaw* o virus.

Makabuluhang binigyang-diin ang programa, gawain, at pagkakakilanlan ng Pamantasan sa tuwirang ugnayan ng tema at paksa ng lunsarang aralin upang palutangin ang wika, kultura, at lipunan ng mamamayan at pamayanan.

Sang-ayon ang mga naging kalahok sa temang pag-iikutan ng iba't ibang lunsarang-aralin. Sa mga tema ng akda, umiikot ang iba't ibang K na katumbas ng katutubo, kalinangan, kabuhayan, at diskursong kasarian na kadikit ng gawain, programa, at adbokasiya ng kalahok na pamantasan. Ilan sa mga halimbawang tema ay ang sumusunod na akda:

**Katutubo:**

*Dinengdeng* (tula)

Sa *Kumang* (maikling kuwento)

Ang *Banbanting* ni *Apong* (maikling kuwento)

**Kalinangan:**

Batang Manobo, Batang Pilipino (tula)

Balitang Baha (balita)

*Tuob* ni Mama Sol (maikling kuwento)

**Kabuhayan:**

*Muyang* (tula)

Balag (maikling kuwento)

Hindi Maaaring Kainin ang Malagkit Araw-araw (sanaysay)

**Kasarian:**

Pantay Lamang (tula)

Ang Nanay Ko ay Tatay (maikling kuwento)

Igalang ang Bawat Kasarian (tula at awit)

Matagumpay na itinatanghal ang ugnayang wika, kultura, at lipunan sa misyon at bisyon ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa pagdidisenyo, pagbuo, pagpapatupad at pagtataya ng mga lunsarang aralin na ang pangunahing nilalaman at mga gawain ay kontekstuwalisado at lokalisado. Lubos ang pagsang-ayon ng mga naging kalahok sa ugnayang gawain, programa, at adbokasiya ng kalahok na pamantasan. Ang mga naging batayan sa ugnayang misyon at bisyon mula sa makikitang lunsarang aralin ay magiging direksiyon sa susunod pang mga pag-aaral at pananaliksik mula sa domeyn ng pagtuturo, pananaliksik at publikasyon.

## Pagtataya sa Ambag ng Batayang Nilalaman at Kasanayan sa Pagkatuto

Malaking usapin sa sektor ng edukasyon ang pagkakaroon ng isang maayos, sistematiko, at tematikong kurikulum. Gayundin, isang mahalagang kasangkapan ang kurikulum upang makabuo ng pinakamainam na pedagohiya sa pagtuturo na lilikha ng isang kawili-wiling lugar pampagkatuto. Maisasakatuparan lamang iyon kung maayos na maihahanay ang mga kasanayan na nakapaloob sa MELCs na ginagamit sa kasalukuyang modalidad ng edukasyon.

Sa pagkakaroon ng ganitong modalidad ng pagtuturo, hindi maikakailang maraming naapektuhan na larangan tulad ng Filipino. Dahil dito, mahalagang maayos na maihanay ang mga mahahalagang kompetensi sa kurikulum. Gayunman, hindi kumpleto ang pananaliksik kung hindi mabisang matataya ang mga binuong lunsarang aralin upang tiyakin ang kabisaan, kaangkupan, at kahusayan nito sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo.

Malinaw na ipinakita ng datos ang lubos na pagsang-ayon ng mga kalahok na nakabasa, nakagamit, at nakasaksi kung paano mahusay na napagtagpo ang nilalaman at mga binuong pagsasanay upang makuha ang interes ng mga mag-aaral. Indikasyon ang mataas na bahagdan ng pagsang-ayon na natumbok ng mga mananaliksik na lumikha ng mga lunsaran ang bawat temang inilalarawan tulad ng katutubo, kabuhayan, kalinangan, kapaligiran, at diskursong pangkasarian. Malaki ang gampanin ng resultang ito upang maipakita na sa bawat sangay o kampus ng kalahok na pamantasan, anoman ang tema ng lunsarang aralin ay mahalagang may kakayahan itong umugnay sa wika, kultura at lipunan na susi sa epektibong pagtuturo at pagpapakilala sa Filipino.

Narito ang ilang pahayag mula sa mga kinapanayam na guro mula sa *Focus Group Discussion* (FGD) bilang pagtataya sa pagdidisenyo, pagbuo, at pagpapatupad ng

ugnayang nilalaman at gawaing angkla sa tema't adbokasiya ng kalahok na pamantasan:

> *Kinapanayam 1:*
>
> Ang bawat isa ay magkatugma at batay sa layunin ng aralin. (Kalahok 3NL)
>
> *Kinapanayam 2:*
>
> Ang nilalaman ay ang kabuuang konsepto, mga importanteng mga prinsipyo at kaalaman na dapat matutunan ng isang mag-aaral habang ang kasanayan ay isang payak at *specific* na task kung saan ang isang mag-aaral ay dapat na matuto at masanay sa kaniyang sariling pang-araw-araw na gawain. (Kalahok 7NL)
>
> *Kinapanayam 3:*
>
> Ang kaibahan ng nilalaman at pagsasanay sa aming nabasang lunsarang – aralin ay mas madali itong maintindihan dahil may mga larawan at ang sitwasyon sa aralin ay nakahango sa ating naranasan ngayon. (Kalahok 4M)

Mula sa naging panayam, epektibo at mahusay ang mga binuong lunsarang aralin na may kinalaman sa ugnayang wika, kultura at lipunan. Samakatuwid, malinaw na indikasyon ang datos na ito na kung ang guro ay may malinaw na pag-unawa sa kaniyang larangan ay makalilikha ito ng mga gawain o pagsasanay na sapat at lapat sa interes ng mga mag-aaral. Malinaw na mahihinuha sa resultang ito na hindi nalimitahan ng tema o panahon ang kahusayan at kakayahan ng bawat pagsasanay sa lunsarang aralin na hasain, paunlarin, at pukawin ang interes ng mag-aaral na matuto sa kabila ng hamon ng kasalukuyang modalidad dulot ng pandemya. Kung kaya, ang pagsang-ayon ng mga kalahok ay indikasyon na madaling nauunawaan

ang lunsaran, kadikit ng kamalayan ng mag-aaral, at kontekstwalisado sa kanilang karanasan.

Lutang na lutang ang resulta na lubos na sinasang-ayunan ng mga kalahok na bukod sa mga naunang kabisaan ng lunsaran pagdating sa nilalaman, pagsasanay at kakayahang komunikatibo. Indikasyon ang datos na ito na holistiko ang pagkakalikha sa mga lunsarang aralin sapagkat malinaw nitong naipapakita ang ugnayang wika, kultura at lipunan upang higit na maging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa bagong kadawyan o *new normal.*

Narito ang ilan pang pahayag mula sa naganap na *focus group discussion (FGD):*

> *Kinapanayam 1:*
>
> *Mahalaga na ang aralin sa Filipino ay kadikit ng karanasan ng mga mag-aaral upang mas madaling maproseso sa isipan at mas madaling maintindihan ito. Hindi na kailangan ng mahabang pagpapaliwanag kapag naranasan o may dating kaalaman na sila tungkol sa anumang aralin.* (Kalahok 2V)
>
> *Kinapanayam 2:*
>
> *Lubos na magagamit ng mag-aaral ang ugnayang nilalaman at kasanayan sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na naaangkop sa mga aralin.* (Kalahok1 MM)

Ang mga pahayag ay pagpapatunay kung paano nailakip sa mga lunsaran ang ideya at konsepto ng karanasan ng mga mag-aaral sa iba't ibang sangay o kampus ng kalahok na pamantasan. Samakatuwid, tunay ang pahayag ng mga teorya at mga naunang pag-aaral na sa bawat lilikhaing gawain, estratehiya o maging lunsaran mahalagang inuugnay o inilalapit ito sa karanasan at kamalayan ng mga

mag-aaral upang madali nilang maunawaan at pagtuonan ng interes.

Malinaw ang bahagdan ng pagsang-ayon ng mga kalahok hinggil sa kung gaano karami ang bunga ng pagkatuto na iniluwal ng nilalaman at pagsasanay sa mga lunsarang aralin. Sa mga binuong lunsarang aralin mahihinuha na kung pagtutuonan lamang ang nakasanayan at hindi lalagpas sa pagiging inobatibong guro, mananatiling nakakahon sa tradisyunal at nakasanayan lamang na paraan ng pagtuturo na malaki ang posibilidad na hindi mapukaw ang interes ng mga mag-aral. Sa tulong ng mga ganitong lunsaran na kontekswalisado sa ugnayang wika, kultura, at lipunan tiyak na aasahan ang epektibo at holistikong bunga ng pagkatuto.

Makikita ang lubos na pagsang-ayon ng mga kalahok pagdating sa kabisaan ng lunsarang aralin pagdating sa taglay nitong yaman sa ugnayang karanasan at nilalaman sa ugnayang wika,kultura at lipunan. Ang pagkakaroon ng resultang naglalahad ng pagiging epektibo ng mga binuong lunsaran ay pagpapatunay rin na hindi lamang limitado ang pagkatuto sa nilalaman ng libro o ng anomang naunang nailimbag ng mga modyul o lunsaran sapagkat tulad ng panahon ang interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto ay nagbabago. Samantala, ang hangarin ng MELCs na salain ang mga esensiyal na kaalaman ay mahalagang nakaugat sa pagbuo ng lunsarang aralin na esensiyal na konsiderasyon ang kaugnayan sa wika, kultura at lipunan ng mag-aaral upang matiyak ang pagtatamo ng panghabambuhay na pagkatuto.

Narito ang ilan pang piling pahayag mula sa naganap na *Focus Group Discussion (FGD)*:

> *Kinapanayam 1:*
>
> *Higit na matutugunan ang mga lunsarang-aralin at pagsasanay lampas sa MELCs at angkop na sitwasyon na ating kinakaharap kapag ang mga*

*guro ay patuloy na gagawa ng mga module o learning activity sheets na batay level ng pag-unawa o angkop sa baitang at karanasan ng mga mag-aaral.* (Kalahok 4MM)

*Kinapanayam 2:*

*Mapapatuloy ng guro ang paglikha ng aralin at pagsasanay kadikit ng karanasan ng mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng mga modules at activity sheets.* (Kalahok 6NL)

May implikasyong sa dinamismo ng panahon, kahingiang makasunod sa pagbabago ang mga guro. Samakatuwid, ang kabisaan ng paglikha ng mga lunsarang aralin ay nakasalalay sa kung paano hinahasa ng guro ang kaniyang sarili upang makalikha ng dekalibre at inobatibong gawain at mga pagsasanay na kontekswalisado sa ugnayang wika, kultura at lipunan.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang ugnayang lunsarang aralin at makabago at inobatibong gawain bilang interbensiyon ay sandigan ng makabuluhang pagtuturo. Dito nagmumula ang iba't ibang batayang kaalaman na pundasyon sa paglinang ng angkop na mga kasanayan. Sa lunsaran kukuha at hahango ng mga batayang nilalaman sa anyo ng pagpapatanggap ng impormasyon sa paraang pagbasa, pakikinig, o panonood na mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral.

Sa kalakaran sa pagtuturo ng/sa Filipino, kapareho rin ang umiiral na sistema kung paano lumilikha at gumagamit ng mga lunsarang aralin mula at hango sa mga batayan at sanayang aklat. Gayunpaman, hindi mapasusubalian ang kahalagahan nito at lalong napabibisa sa tulong ng mga pinasimulan at pinagyamang pagsasanay upang ang

lunsarang aralin ay maging daan sa paglinang at pagtatamo ng inaasahang kasanayan batay sa tiyak na batayang pangkaalaman at pangnilalaman. Masasabing lahat ng ito ay kaugnay sa mithiin at adhikaing magamit para sa hangad na kakayahang komunikatibo. Sa ganitong paraan, ang mga naitakda at umiiral na kasanayan sa iba't ibang makrong kasanayan sa komunikasyon mula sa Batayang Pangkurikulum at MELCs ay mahalagang sandigan sa paglikha ng lunsarang aralin na litaw agad ang mga kasanayan na pagtitibayin sa pamamagitan ng mga inobatibo at makabagong gawain.

Sa kasalukuyang kalakaran, marapat ding malinang sa bawat guro ang kakayahang makabuo ng mga napapanahon, lokalisado, at kontekstuwalidong mga lunsarang aralin upang makahikayat sa mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing pagkatuto dahil kaugnay ito ng danas sa pamayanang kinabibilangan. Ang pananaliksik ay nagpakita ng praktika sa pagsasakapangyarihan ng guro bilang tagaplano, tagabuo, tagadisenyo, at tagapagpatupad ng mga lunsarang aralin kaugnay ng makabago at inobatibong pagsasanay o gawain.

Ang kabisaan at pagiging epektibo ng isang produkto ay mahalagang mataya, matasa, at masubok. Bagamat hindi humantong ang kasalukuyang pananaliksik sa malawakang pagpapagamit sa mag-aaral upang matiyak ang kabisaan nito, marapat magkaroon ng panimulang pagtataya sa nabuong lunsaran batay sa ugnayan sa kasanayang pangkomunikatibo na lilinang sa interes, partisipasyon, at awtentikong bunga ng pagkatuto ng mag-aaral. Mula sa sarbey at panayam sa mga naging gurong kalahok, nagkaroon ng paghihinuha mula sa naging pagsusuri sa mga tinayang lunsarang aralin ang lubhang pagsang-ayon na magiging sandigan ang mga nabuong lunsarang aralin na may sangkap lokalisasyon at kontekstuwalisasyon. Litaw sa nabuong aralin ang pagsasaalang-alang sa interes ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang pagsasanay na tiyak na magiging bunga ng lubusang

partisipasyon ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pampagkatuto.

Sa umiiral na Bagong Kadawyan o *New Normal* na ibinunga ng pandemya, malawakang reporma ang marapat na maging tugon ng mga guro, paaralan, at mananaliksik para sa iba't ibang naghihintay na hamon. Ang pagbuo ng lokalisado at kontekstuwalisadong lunsarang aralin ay manipestasyon ng pagkilala at pagpapahalaga sa pangunahing dahilan ng pagtuturo— ang mag-aaral.

Sa mga susunod na pag-aaral at pananaliksik, magandang padron ang pag-aaral sa paglikha ng polisiya sa mga paaralan, dibisyon, at sangay ukol sa pagpaplano at pagbuo ng iba't ibang lunsarang araling nakadikit sa kalinangang bayan upang lalong pagtagpuin ang wika, kultura, at lipunan. Magandang maging inisyatibo ng bawat kahingian sa antas pampaaralan hanggang pandibisyon ang panawagang makalikha ang mga guro ng mga lunsarang aralin upang patingkarin ang kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kasaysayan na pinagtibay ng mga inobatibo at makabagong pagsasanay kaugnay ng praktika at aral ng pang-araw-araw na buhay.

■ ■ ■

## Sanggunian

Abarquez, A. (2021). *Lens of language and literature programs in the new normal educational setting amidst pandemic*. https://eric.ed.gov/?id=EJ1322044.

Badayos, P.B. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain, at istratehiya.* Mutya Publishing House.

Belvez, P.M. (2000). *Ang sining at agham ng pagtuturo: Aklat sa pamamaraan ng pagtuturo ng filipino at/sa filipino.* Rex Publication.

Constantino, P.C. (2005). *Filipino at Pagpaplanong Pangwika.* Sentro ng Wikang Filipino- Diliman.

Department of Education. (2020). *DM no. 89, s. 2020 clarifications on the use of the most essential learning competencies (MELCs) and other related issues. https://depeddasma.edu.ph/dm-%20no-%20%20%2089-s-2020-clarifications-on-the-use-of-the-most-essential-learning-competencies-MELCs-and-%20other-related.*

Department of Education. *(2020). Filipino MELCs. Department of Education. https://drive.google.com/file/d/1FzyAPihxhfVNQmeaNbxpMK2K_tvyY9KA/viewDepEdMELCs.*

Department of Education. (2016). *Gabay Pangkurikulum sa Filipino.*

Department of Education. (2020). MELCs Guidelines. https://commons.deped.gov.ph/MELCs-Guidelines.pdf.

Dimock, M. (2019) *Defining Generations: where millennials end and generation z begins.* Pew Research Center. https://www.pewresearch.org/short-reads/2019/01/17/where-millennials-end-and-generation-z-begins/

Evangelista, R A. (2022). *Ang guro sa panahon ng pandemya sa kurikulum sa pagtuturo ng filipino sa bagong normal*. 7 Eyes Productions Book Publishing.

Hirschman, K., at Wood, B. (2019). 21st century learners: Changing conceptions of knowledge, learning and the child. *New Zealand Annual Review of Education, 23*(1), 20-35. https://www.researchgate.net/publication/331102962_21st_Century_Learners_Changing_Conceptions_of_Knowledge_Learning_and_the_Child

Kapur, R. (2020). *Understanding the meaning and significance of pedagogy*. https://www.researchgate.

net/publication/345156519_Understanding_the_Meaning_and_Significance_of_Pedagogy

Oyeleke, O. (2018). Promoting effective teaching and learning in online environment: A blend of pedagogical and andragogical models. *Bulgarian Journal of Science & Education Policy, 12*(1).

Persaud, C. (2021). *Pedagogy: What educator's need to know.* Top Hat. Retrieved from https://resourced.prometheanworld.com/pedagogy-learning-practices/

San Juan, D.M. (2017). Guro, Paaralan, at Bayan: makabayang pagsusuri sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. *Pambansang Samahan sa Linguwistika, at Literaturang Filipino, Ink 1*(2), 10-34. https:psllf.org/kawing-1-2/

Villafuerte, P.V., at Bernales, R.A. (2008). *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika.* Mutya Publishing House.

Villanueva, V.M. (2018). #ABKD: *Ako bibo kase dapat (alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng araling panlipunan, edukasyon sa pagpapakatao, at Filipino.* VMV Publishing House.